7

# Gawaing Pampagkatuto sa Values Education

Kuwarter

Linggo 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Values Education 7**
**Kuwarter 1: Linggo 7**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng DepEd National Capital Region sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Edward Allan L. Martinez |
| **Tagasuri:** | Edita T. Olan |
| **Tagaguhit:** | Jeewel L. Cabriga |
| **Tagalapat:** | Alan E. Medenilla, Patricia Ulynne F. Garvida |
| **Enhanced by:** | Ginalyn M. Mendoza |
| **External Content Validator:** | Nenita A. Sioson, Prudencia Martinez |
| **External Language Validator:** | Corazon G. Are |

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV*, Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Program Supervisor
**ROLAND D. MONTES**, Regional GMRC/VE Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**TOMAS C. GALIZA**, LR Education Program Supervisor

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**

Office Address: 6 Misamis St, Bago Bantay, Quezon City
Metro Manila, Philippines, 1105
Telefax: (02) 85229412
Email Address: ncr@deped.gov.ph

# MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Asignatura* | Values Education | *Markahan* | 1 |
| *Linggo* | 7 | *Araw* | |
| *Pamagat/Paksa ng Aralin* | **Pagtupad ng Sariling Tungkulin Bilang Mamamayan** | | |
| *Pangalan* | | *Baitang at Seksiyon* | 7 |

***Gawain Blg:*** **1**
*Pamagat/Paksa ng Gawain:* **Check na Check**
*Layunin:* Sa pamamagitan ng gawain na ito, inaasahang masusukat mo ang iyong pagtupad sa iyong mga tungkulin bilang mamamayan.
*Kagamitang Kailangan:* **Lapis o *Ballpen*, Papel**
*Laang-Panahon:* **10 minuto**

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga tungkulin ng mamamayan sa unang kolum. Tukuyin kung ito ay lagi, madalas o minsan mo lamang ginagawa sa pamamagitan ng paglagay ng tsek sa nakalaang kolum.

| MGA TUNGKULIN | LAGI | MADALAS | MINSAN |
|---|---|---|---|
| 1. Pagtawid sa tamang tawiran lamang tulad ng pedestrian lane, footbridge, underpass, atbp. | | | |
| 2. Pagtatapon ng basura sa tamang basurahan halimbawa ay para sa nabubulok at di-nabubulok. | | | |
| 3. Pagsusuot ng kumpleto at maayos na uniporme sa paaralan. | | | |
| 4. Maayos na pakikitungo sa kapwa maging ang mga kabilang sa ibang kasarian. | | | |
| 5. Iginagalang ang paniniwala ng kapwa sa kabila ng pagkakaiba ng relihiyon. | | | |
| 6. Nagpapaalam muna bago gumamit o kumuha ng kagamitan ng iba. | | | |
| 7. Handang maging lider kung kinakailangan. | | | |
| 8. Nangunguna bilang pinuno at may tibay ng loob na nagpapasya para sa ikabubuti ng pangkat na kanyang kinabibilangan. | | | |
| 9. Bilang kasapi ng pangkat, kinikilala ang awtoridad ng lider at sumusunod para sa ikagaganda ng resulta ng Gawain. | | | |
| 10. Ibinibigay ang pinakamahusay na kakayahan upang makamit ang layunin ng pangkat. | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **2** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Pagsusuri ng Sitwasyon** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawain na ito, inaasahang matutukoy mo ang mga pansariling tungkulin bilang mamamayan batay sa mga nabasang sitwasyon. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Lapis o *Ballpen*, Papel** |
| *Laang-Panahon:* | **10 minuto** |

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat sitwasyon. Tukuyin kung anong tungkulin bilang mamamayan ang ipinapakita rito.

**Sitwasyon 1**
Sina Megan at Leah ay matalik na magkaibigan simula ng kanilang pagkabata. Nang sila ay nagdalaga, sabay silang pumasok sa choir ng kanilang kapilya. Di nagtagal, nadestino sa probinsya ang tatay ni Megan kaya kinailangan nilang lumipat ng tirahan. Nang muling magkita sina Leah at Megan, nalaman ni Leah na nag-iba ng relihiyon si Megan. Gayunpaman, hindi nagbago ng pakikisama ang magkaibigan sa kabila ng pagkakaiba nila ng paniniwala.

**Tanong:** *Anong tungkulin bilang mamamayan ang ipinapakita ng magkaibigang Megan at Leah?*

*Sagot:* ______________________________________________________________

**Sitwasyon 2**
Si Mimi ay madalas utusan ng kanyang nanay na mamalengke. Kinakailangan niyang tumawid ng kalsada bago makarating sa palengke. Bagama't may kalayuan ang pedestrian lane, buong tiyaga niya itong nilalakad sapagkat ito ang tamang tawiran.

**Tanong:** *Anong tungkulin bilang mamamayan ang ipinapakita ni Mimi?*

*Sagot:* ______________________________________________________________

**Sitwasyon 3**
Itinalaga ng guro si Lindsay upang maging lider ng isang grupo sa kanilang pangkatang gawain. Pinulong niya agad ang kanyang mga kagrupo at pinagplanuhan nang mabuti ang gagawin. Bandang huli, ang kanilang pangkat ang nakakuha ng pinakamataas na marka.

**Tanong:** *Anong tungkulin bilang mamamayan ang ipinapakita ni Lindsay?*

*Sagot:* ______________________________________________________________

**Sitwasyon 4**
Si Stephen ay hindi pinalad na manalo sa eleksiyon ng SSLG sa kanilang paaralan. Sa kabila ng lahat, pinili pa rin siya upang maging kasapi ng isang mahalagang kumite sa paaralan. Bagama't pangkaraniwang kasapi na lamang, magiliw niyang ginagawa ang anumang gawain na iniaatas sa kanya kaya't nagiging matagumpay ang kanilang mga proyekto.

**Tanong:** *Anong tungkulin bilang mamamayan ang ipinapakita ni Lindsay?*


*Sagot:* ______________________________________________________________



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **3** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **May Batas o Walang Batas** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawain na ito, inaasahang mahihinuha mo ang konsepto ng karapatan |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Lapis o *Ballpen*, Papel, Pangkulay** |
| *Laang-Panahon:* | **10 minuto** |

**Panuto:** Masdan nang mabuti ang Concept Map ng Karapatan at sagutin ang tanong sa ibaba.




**Tanong:** Ipaliwanag ang mensaheng nais iparating ng *Concept Map* sa itaas patungkol sa Karapatan?

*Sagot:* ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **4** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Lagumang Pagsusulit** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawain na ito, inaasahang masusukat ang iyong mga natutuhan sa buong aralin. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Lapis o *Ballpen*, Papel** |
| *Laang-Panahon:* | **10 minuto** |

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga sumusunod na sitwasyon. Tukuyin kung anong tungkulin bilang mamamayan ang tinutupad ng tauhan? Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

1. Si Mang Berting na isang tricycle driver ay nagsasakay at nagbaba lamang sa tamang lugar.
   A. Paggalang sa karapatan ng iba
   B. Pagsunod sa batas
   C. Pagiging mabuting tagasunod
   D. Pagiging mapanagutang lider

2. Si Naomi ay nahalal bilang SK Chairman sa kanilang barangay. Nagpapatupad siya ng iba't ibang programa para sa ikabubuti ng kanyang mga kapwa kabataan. Anong tungkulin bilang mamamayan ang kanyang tinutupad?
   A. Paggalang sa karapatan ng iba
   B. Pagsunod sa batas
   C. Pagiging mabuting tagasunod
   D. Pagiging mapanagutang lider

3. Hindi man pareho ang gustong KPOP artists nina Roxanne at Pia, sila ay nananatili pa rin na magkaibigan. Iniiwasan na lamang nilang ikumpara ang kanilang mga idolo upang maiwasan ang alitan.
   A. Paggalang sa karapatan ng iba
   B. Pagsunod sa batas
   C. Pagiging mabuting tagasunod
   D. Pagiging mapanagutang lider

4. Si Jacob ay maaasahang kasapi ng kanilang pangkat. Hindi man siya ang pinuno, tinitiyak niya pa rin na nagagawa niya ang kanyang bahagi sa pagtatanghal.
   A. Paggalang sa karapatan ng iba
   B. Pagsunod sa batas
   C. Pagiging mabuting tagasunod
   D. Pagiging mapanagutang lider

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga sumusunod na pahayag. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

5. Alin ang batayan ng pagiging pantay ng tao sa kaniyang kapwa?
   A. Karapatan
   B. Isip at kilos-loob
   C. Dignidad
   D. Pananampalataya


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

6. Ito ay tumutukoy sa mga bagay na dapat tinatamasa ng isang tao na kailangang makamit nang may dignidad.
    A. Kayamanan
    B. Pananagutan
    C. Tungkulin
    D. Karapatan

7. Alin sa mga sumusunod ang HINDI paraan ng paggalang sa karapatan ng iba?
    A. Igalang ang dignidad ng tao
    B. Pagsunod sa batas
    C. Laging isaisip ang pansariling kapakanan
    D. Sundin ang prinsipyo ng gintong aral

8. Ang paggalang sa karapatan ng iba ay magbubunga ng ____.
    A. hindi pagkakasundo
    B. kabutihang panlahat
    C. kaguluhan at kahirapan
    D. pang-aabuso sa karapatan

9. Mapanagutan ang mamamayan kung ____.
    A. mareklamo ngunit di gumagawa
    B. nananamantala ng kapwa
    C. tumutupad ng kanyang tungkulin
    D. umaasa lamang sa magulang

10. Ayon sa awitin ni Noel Cabangon ang "Mabuting Pilipino" ay ang mga sumusunod MALIBAN sa:
    A. nag-aaral nang mabuti
    B. nangongotong o nagbibigay ng lagay
    C. tapat na lingkod bayan
    D. tumatawid sa tamang tawiran



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph